# Mga Katotohanan sa Karagdagang Tulong ng Programa sa Nutrisyon (SNAP)

## Ano ang nasa loob


| | |
|---|---|
| Ano ang SNAP? | 1 |
| Maaari ba kayong makakuha ng SNAP? | 1 |
| Kung kayo ay nakatira sa California | 2 |
| Mga Kahilingan sa Kita | 2 |
| Mga Kahilingan sa Mga Pinagkukuhanan ng Kinita | 2 |
| Mga Kahilingan sa Trabaho | 3 |
| Iba pang Mga Kahilingan sa Pagiging Karapat-dapat | 3 |
| Paano kayo maaaring mag-apply para sa SNAP? | 3 |
| Magkano ang maaari ninyong matanggap? | 4 |
| Pakikipag-ugnayan sa Social Security | 4 |


## Ano ang SNAP?

Ang Supplemental Nutrition Assistance Program (SNAP), na dating tinatawag na food stamps, ay nakakatulong sa mga low income na tao na makabili ng masusustansiyang pagkain. Sa pamamagitan ng pederal na programa na SNAP, ang mga ahensya ng estado ay namamahala sa isang programa sa pamamagitan ng mga lokal na tanggapan. Maaari kayong maging karapat-dapat na makatanggap ng mga benepisyo ng SNAP kung nakakatugon kayo sa ilang mga kahilingan batay sa kinita at pinagkukuhanan ng kita.

## Maaari ba kayong makakuha ng SNAP?

Para makakuha ng mga benepisyo ng SNAP, kailangang makatugon ang inyong sambahayan sa ilang mga kondisyon at kahilingan. Kasama sa isang sambahayan ang lahat ng nakatira kasama ninyo, iyong mga bumibili, at naghahanda ng pagkain.

Kung kayo ay walang tirahan, maaari pa rin kayong makatanggap ng mga benepisyo ng SNAP kahit na wala kayong address, isang matutuluyan na lugar, o lugar na malulutuan ng mga pagkain. Karaniwan,matuturing kayong walang tirahan kung wala kayong pirming regular

na tinutuluyan sa gabi o ang inyong pangunahing tirahan sa gabi ay isang pansamantalang akomodasyon sa isang:

- Supervised shelter;
- Halfway house;
- Tirahan ng ibang tao; o
- Lugar na hindi natalaga bilang regular na tulugan, tulad ng isang halfway, himpilan na bus, o lobby.

## Kung kayo ay nakatira sa California

Kung kayo ay nakatira sa California at kayo ay nakatanggap ng SSI, karaniwan ay hindi kayo karapat-dapat para sa mga benepisyo ng SNAP. Ito ay dahil kasama na sa California ang benepisyo ng SNAP sa State Supplementary Payment (SSP) nito. Gayunman, kung ang inyong mga benepisyo sa ilalim ng SSI ay nakabinbin ang katayuan o kayo ay naghihintay sa isang desisyon sa inyong claim sa SSI, maaaring karapat-dapat kayo. Kung nais ninyong mag-apply para sa mga benepisyo, makipag-ugnayan sa inyong lokal na tanggapan ng SNAP o sa opisina ng SSA para sa karagdagang impormasyon.

## Mga Kahilingan sa Kita

Ang mga sambahayan ay dapat na makatugon sa ilang mga limitasyon sa kita para maging kuwalipikado sa mga benepisyo ng SNAP. Mayroong dalawang limitasyon sa kita: gross at net Ang karamihan sa mga sambahayan ay dapat makatugon sa parehong gross at net na limitasyon sa kita.

Ang “gross income” ay ang inyong total na kita bago bawasan ng mga buwis o iba pang mga halaga. May ilang mga bagay na maaaring makabawas mula sa inyong gross income tulad ng mga gastusin sa pabahay, mga bayad para sa sustento sa bata, at mga bayad para sa pag-aalaga sa bata o dependent. Kayo o ang iba pang mga miyembro ng sambahayan na may edad na 60 taong gulang o mas matanda pa, o nakakatanggap ng ilang mga kabayaran sanhi ng kapansanan ay maaari rin makapagpabawas sa out-of-pocket na medikal na gastusin na higit sa $35 mula sa kita ng sambahayan kung ang mga gastusin ay hindi binayaran ng iba pang tao, ng Medicaid, Medicare, o iba pang kompanya ng insurance. Ang halagang natitira makalipas na alisin ang mga ibinawas na halaga mula sa inyong gross income ay tinatawag na inyong “net income”.

Ang isang sambahayan na may mas nakatatandang tao o ang isang taong nakakakuha ng mga kabayaran sanhi ng kapansanan ay dapat lang makatugon sa pagsusuri sa net income. Ang mga samabahayn ay matuturing na karapat-dapat ayon sa kinita kung ang lahat ng mga miyembro ng sambahayan ay nakakatanggap ng Supplemental Security Income (SSI) o Temporary Assistance for Needy Families (TANF). Ang mga limitasyon sa kinita ay maaaring mag-iba ayon sa laki ng sambahayan at maaaring magbago bawat taon.

## Mga Kahilingan sa Mga Pinagkukuhanan ng Kinita

Ang mga sambahayan ay dapat rin makatugon sa limitasyon ng pinagkukuhanan ng kinita. Ang mga pinagkukuhanan ng kinita (resources) ay ang mga bagay bagay na pagmamay-ari ninyo. Karaniwan, ang mga sambahayan ay dapat may $2,250 na mga resources, tulad ng pera sa bank account. Ang mga sambahayan ay maaaring magkaroon ng $3,250 na mga resources kung may kahit man lang isang tao na may edad na 60 taong gulang o mas matanda, o may kapansanan. Ang ilang mga bagay ay hindi makokonsidera bilang isang resource. Halimbawa, ang inyong tirahan at lote ay hindi matuturing na isang resource. At, sa ilang mga estado, maaaring nagmamay-ari kayo ng kahit man lang isang kotse. Ang mga resource ng tao na nakakatanggap ng SSI o TANF ay hindi rin napapabilang.



*(kabila)*

## Mga Kahilingan sa Trabaho

Kung kayo ay isang adult na malakas ang pangangatawan na walang mga dependent o abled-bodied adult without dependents (ABAWD), nasa pagitan ng mga edad na 18 at 49, at kayang magtrabaho ngunit sa kasalukuyan ay walang trabaho, maaaring karapat-dapat lang kay para sa mga benepisyo ng SNAP sa loob ng tatlong buwan sa isang tatlong taong takdang panahon. Ito ay tinatawag na "limitasyon sa panahon" Para maging karapat-dapat ang isang ABAWD para sa SNAP na lumampas sa limitasyon ng panahon, kailangan ninyong magtrabaho o lumahok sa isang kuwalipikadong edukasyon o pagsasanay na aktibidad ng kahit man lang 80 oras kada buwan. Gayunman, ang limitasyon sa panahon ay hindi gagamitin sa mga taong hindi kayang makapagtrabaho sanhi ng mga dahilan ng problema sa kalusugan ng pangangatawan o pangkaisipan, iyong mga buntis, nag-aalaga ng mga bata o hindi kayang mag-isa na miyembro ng pamilya, o hindi kasama mula sa mga pangkalahatang kahilingan sa trabaho. Ang kahilingan na ito ay inaalis sa ilang mga lokasyon. Sa ilang mga lokasyon, kung hindi kayo nagtatrabaho, maaaring hilingin mula sa inyong lumahok sa isang espesyal na programa para sa trabaho o pagsasanay sa estado.

## Iba pang Mga Kahilingan sa Pagiging Karapat-dapat

Para maging karapat-dapat sa mga benepisyo ng SNAP, dapat rin makatugon sa ilan pang mga kondisyon ang mga sambahayan bilang karagdagan sa mga kahilingan sa kita at resource, tulad ng lahat ng kasapi sa inyong sambahayan ay dapat mayroon, o nag-apply para sa, numero sa Social Security.

Maaari rin na karapat-dapat kayo para sa mga benepisyo ng SNAP kung kayo ay legal na nasa lugar na hindi citizen at nakakatugon sa mga limitasyon sa kita at resource. Ang pinaka karapat-dapat na hindi citizen ay dapat maghintay ng limang taon bagong makakuha ng mga benepisyo ng SNAP. Gayunman, ang ilang mga di citizen ay kinakailangang maghintay ng limang taon bago makakakuha ng mga benepisyo; kabilang sa mga ito ang ilang mga legal na nasa lugar na batang mas bata sa 18 taong gulang na may mga kapansanan, mga refugee at mga asylee. Maaari rin na karapat-dapat kayo para sa mga benepisyo kung kayo ay legal na nasa lugar at may sapat na kasaysayan sa trabaho o militar na koneksyon.

Kung ang inyong mga anak ay legal na nasa lugar o mga mamamayan ng Estados Unidos, maaaring kuwalipikado pa rin ang inyong mga anak para sa mga benepisyo ng SNAP kahit na hindi kayo karapat-dapat. Maaari kayong mag-apply para sa inyong mga anak nang hindi nagkakaloob ng impormasyon tungkol sa inyong katayuan sa imigrasyon.

## Paano kayo maaaring mag-apply para sa SNAP?

Ang mga application para sa mga benepisyo ng SNAP ay available sa anumang tanggapan ng Social Security. Kung kayo at lahat sa inyong sambahayan ay nag-a-apply o nakakatanggap na ng mga SSI na bayad, **alinmang tanggapan ng Social Security ay makakatulong sa inyong punan ang application para sa SNAP at ipadala sa tanggapan ng SNAP para sa inyo.**

Ang lahat ng iba pang mga aplikante, kabilang na iyong mga nag-a-applypara o nakakatanggap ng mga benepisyo mula lang sa Social Security, ay kailangang kunin o ipadala ang kanilang mga application sa lokal na tanggapan ng SNAP. Para mahanap ang inyong lokal na tanggapan ng SNAP o para makapag-apply online, bumisita sa ***www.fns.usda.gov/snap/apply***.

Hihilingin mula sa inyong kumpletuhin ang isang pakikipanayam makalipas ninyong makumpleto ang inyong application sa SNAP. Sa karamihang mga kaso, maaaring makapanayam kayo sa telepono. Bilang karagdagan sa application at panayam, kailangan rin ninyong magkaloob ng beripikasyon para sa ilang mga impormasyon.

*(kabila)*

Ang ilang mga paraan na maaari ninyong mapatotohanan ang impormasyon sa inyong application sa SNAP ay:

- ID tulad ng driver's license, ID sa estado, birth certificate, ID card sa trabaho o paaralan, health insurance card, voter registration card, o katibayan ng alien status;
- Ang katibayan ng kita ng bawat miyembro ng inyong sambahayan, tulad ng mga pay stub, isang pahayag mula sa employer, kasalukuyang benefit verification na liham para sa mga kabayarang natanggap mula sa Social Security, mga benepisyo ng beterano, mga benepisyo ng unemployment insurnce, at dokumento ng sustento sa bata o alimony;
- Katibayan kung magkano ang naggagastos ninyo para sa dependent care;
- Mga resibo sa upa o katibayan ng inyong mga pagbabayad sa mortgage;
- Mga rekord ng inyong mga gastusin sa utility; at
- Mga medikal na singilin noong mga miyembro ng inyong sambahayan na may edad na 60 o mas matanda, at iyong mga nakakatanggap ng benepisyo sanhi ng kapansanan, tulad ng Social Security disability o SSI.

Makalipas kayong mag-apply, ang tanggapan ng SNAP na nagpoproseso ng inyong application ay magpapasya kung ang inyong sambahayan ay kuwalipikado para sa mga benepisyo. Malalaman ninyo kung kayo ay karapat-dapat sa loob ng 30 araw. Ang mga sambahayan na karapat-dapat para sa pinabilis na serbisyo ay makakatanggap ng mga benepisyo sa loob ng pitong araw. Kung wala kayong balita sa loob ng 30 araw makalipas kayong mag-apply para sa mga benepisyo, tumawag o bumisita sa tanggapan ng SNAP.

## Magkano ang maaari ninyong matanggap?

Kung karapat-dapat ang inyong sambahayan, ang halaga ng mga benepisyo ng SNAP na matatanggap ninyo ay depende sa laki ng inyong sambahayan, ang buwanang kita ng sambahayan at mga gastusin para sa mga bagay bagay tulad ng mortgage o upa , utilities, at pag-aalaga sa bata o mas nakatatanda na kinakailangan upang makapagtrabaho ang isang tao. Gayunman, maaari ninyong malaman kung magkano ang maaari ninyong matanggap sa pamamagitan ng online na SNAP Pre-Screening Eligibility Tool sa ***www.snap-step1.usda.gov/fns***. Para sa impormasyon tungkol sa iba pang mga nutrition assistance program na maaari ninyong magamit, basahin ang *Nutrition Assistance Programs* (Publication No. 05-10100) o bumisita sa ***www.fns.usda.gov***.

## Pakikipag-ugnayan sa Social Security

May iba't ibang paraan para makipag-ugnayan sa Social Security, kabilang na ang online, sa pamamagitan ng telepono, at nang personal. Naririto kami para sagutin ang inyong mga katanungan at upang mapaglingkuran kayo. Higit na sa 80 taon, ang Social Security ay nakatulong na mapanatag ang kabuhayan ngayon at para sa kinabukasan sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mga benepisyo at pinansiyal na proteksyon para sa milyon-milyong mga katao para sa kanilang pamumuhay.

### Bumisita sa aming website

Ang pinakamadaling paraan na makipag-ugnayan sa Social Security mula saanmang lugar kahit kailan, ay bumisita sa ***www.socialsecurity.gov***. Doon, maaari kayong:

- Lumikha ng isang *my* Social Security account para mabalikan ang inyong *Social Security Statement*, patotohanan ang inyong mga kinita, mag-print ng isang benefit verification lettert (liham ng pagpapatotoo ng benepisyo), baguhin ang inyong impormasyon para sa direktang pagde-deposito, humiling ng isang pamalit na Medicare card, kumuha ng kapalit na SSA-1099/1042S, at marami pang iba;
- Mag-apply para sa Extra Help (Karagdagang Tulong) gamit ang mga gastusin sa plano ng Medicare para sa inireresetang gamot;

(kabila)

- Mag-apply para sa retirement, kapansanan at mga benepisyo sa Medicare;
- Maghanap ng mga kopya ng aming mga inilathala;
- Makuha ang mga sagot sa mga madalas a katanungan; at
- Marami pang iba!

Ang ilang sa mga serbisyong ito ay makukuha lang sa wikang Ingles. Bumisita sa aming Multilanguage Gateway para sa impormasyon sa wikang Tagalog. Kami ay nagkakaloob ng libreng serbisyo ng interpreter para tulungan kayo sa pagsasagawa ng inyong dapat gawin sa Social Security. Ang mga serbisyo ng interpreter ay handang magamit kung kayo ay makikipag-usap sa amin sa telepono o sa tanggapan ng Social Security.

## Tumawag sa amin

Kung wala kayong access sa internet, kami ay naghahandog ng maraming mga automated na serbisyo sa pamamagitan ng telepono, 24 oras, 7 araw sa isang linggo. Tumawag sa amin sa walang bayad na toll sa **1-800-772-1213** o sa aming TTY na numero, **1-800-325-0778**, kung kayo ay hindi nakakarinig o nahihirapan makarinig.

Kung kailangan ninyong makipag-usap sa isang tao, masasagot namin ang inyong mga tawag mula 7 a.m. hanggang 7 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Humihingi kami ng kaunting pasensya sa mga panahon na napakaraming ginagawa dahil maaari kayong makaranas ng higit sa karaniwang dalas na pagka-busy ng telepono at mas matatagal na panahon ng paghihintay sa tawag para makausap kami. Inaasahan namin na makapaglingkod sa inyo.



**Social Security Administration**
Publication No. 05-10101-TL | February 2017
Mga Katotohanan sa Karagdagang Tulong ng Programa sa Nutrisyon (SNAP)
Supplemental Nutrition Assistance Program Facts (Tagalog)
Produced and published at U.S. taxpayer expense
Ang nagbabayad ng buwis sa U.S. ang nagbayad para sa paglikha at paglathala nito